

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**DECEMBER 17, 2020 (12:05 P.M. – 1: 24 P.M.)**

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali, Pilipinas.

Nagbigay ng kaniyang Talk to the People Address kagabi si Presidente Rodrigo Roa Duterte, at ito po ang ilang mga tinalakay niya:

- Muling nagpaalala po ang Pangulo na sundin ang health protocols ngayong Kapaskuhan dahil sabi nga niya ‘no, nandyan na iyong bakuna, sayang naman kung ngayon pa tayo magkakasakit. Kaya naman nating maiwasang magkasakit sa pamamagitan ng mask, hugas, iwas. Huwag po nating balewalain ang banta ng COVID-19 ‘no, dagdag pa ng Presidente at hinalimbawa niya iyong isang kaibigan niya para bigyang diin ito.
- Nagpahayag din ang Presidente ng kaniyang banta na sisibakin ang mga opisyal ng Toll Regulatory Board dahil sa gulo sa RFID. Kaugnay nito, ito ang pitong kautusan o instructions sa mga operators na ibinigay ng DOTR ‘no:
  1. Una, i-convert ang mga emergency signages sa cash signages.
  2. Pangalawa, i-transfer or i-reposition ang RFID stickering at reloading sites sa mga gasoline stations o mga lugar na may malawak na espasyo malayo sa toll plaza. Eh bakit ka nga naman maglagay ng sticker doon mismo sa toll plaza, natural magkakatrapik ‘no.
  3. Pangatlo, maglagay ng designated lanes para sa RFID at cash lanes.
  4. Pang-apat, pinapayagan ang mga ambulansiya at mga sasakyang ginagamit sa pagpapatupad ng batas o law enforcement na magdaan sa anumang lane.
  5. Panlima, pag-aralan ang pagtanggal ng mga barriers. At kanina nga po ay napabalita na nagkaroon na kasunduan ang Siyudad ng Valenzuela at ang operator na tatanggalin na nila ang barriers sa Valenzuela ‘no.
  6. Pang-anim, ang mga small town plaza ay kinakailangang may hiwalay na RFID at cash lane.
  7. At panghuli, na pampito po ‘no, taasan ang wattage classification ng RFID sensors.

Ito naman po iyong tatlong kautusan sa TRB ni Secretary Tugade:

1. Una, maglagay ng roving at station marshals.
2. Pangalawa, magkaroon ng monthly audit na may daily reports galing sa mga toll marshals. Napag-alaman kasi ni Sec. Tugade na ang audit pala ay kada dalawang taon. Eh sabi nga ni Sec. Tugade, ‘Kaya nga ang tawag sa’yo Toll Regulatory Board dahil ang

pangalan ninyo ay Toll Regulatory, hindi pupuwedeng kada dalawang taon ang pag-o-audit ninyo. Dapat iyan ay regular.

3. Pangatlo, paigtingin ang pagpapatupad ng enforcement.

Sa usapin bakuna naman, siyempre nag-report po ang ating Vaccine Czar, Secretary Galvez, unang-una binalita niya na nagkaroon ng Vaccine Logistic Summit na dinaluhan ng 575 participants na isinagawa kahapon, December 16. Pinag-usapan po diyan iyong detalye kung paano makakarating sa ating taumbayan ang mga bakuna pagdating po sa ating bansa o matapos siyang maangkat kung saan sila manggagaling. Ito po ay patunay na tuluy-tuloy lang po ang pinapatupad nating Philippine National Vaccine Roadmap.

Now, balikan po natin iyong mga stages ‘no. Mayroon po tayong stage para sa scientific evaluation and selections; access and acquisition; procurement process and financing; production shipment and storage; distribution and deployment; implementation and nationwide vaccination; assessment, evaluation and monitoring.

Nasaan na ba ho tayo ngayon? Ngayon po, nandito na po tayo sa 2021—medyo maliit po ‘no. So nandito na po tayo, iyong ating assessment, evaluation and monitoring continuing naman po iyan. Pero sa planning, nandiyan pa rin po tayo hanggang 2021 at saka nasa preparation stage na po tayo. Pero inaaahanan nga po natin na pagdating po ng first quarter ng 2021, mayroon na tayong apat na magagamit, posible po sana – Sinovac, Gamaleya, Sinopharm. CanSino; pagdating po ng second quarter – Sinovac, Gamaleya, AstraZeneca, Sinopharm, CanSino; pagdating ng third quarter – Sinovac, Gamaleya, AstraZeneca, Pfizer, COVAX, J&J, Novavax and Moderna. At lahat na po ng mga bakuna ay talagang magagamit na pagkatapos po ng third quarter. Pero magsisimula po talaga tayo, ang target ay first quarter ng 2021.

Now, siyempre po ‘no, uulitin ko po ‘no na ang priority natin pagdating po sa pagbakuna ay iyong tinatawag na geographical at iyong sector. Ang geographical po ay siyempre iyong mga matataas na mga lugar; at saka iyong sectoral po ay iyong mahihirap, mga matatanda, mga frontliners at kapulisan.

So ito po iyong mga pinaghahanda ng mga LGUs, in coordination with DILG, DOH and NTF: iyong priority listing ng mga mababakunahan by geographical area at sector; imbentaryo ng posibleng vaccination centers sa mga pampubliko at pribadong ospital at vaccination areas; imbentaryo ng cold chain storage at available transportation; QR Code at [unclear] ng lahat ng mga taong mababakunahan sa ilalim po iyan ng PhilSys o nung ID system; ang pag-mobilize ng required people at vaccinator at auxiliary cost, kasama na po iyong training, orientation at simulation; ang paghikayat ng mga lokal na pamahalaan ng tripartite agreement sa pagitan ng pamahalaan, LGUs at mga kumpaniya ng bakuna; additional cost na kakailanganin sa preparasyon at implementation.

Mabalik tayo doon sa huling Cabinet meeting po ‘no, iyong 49<sup>th</sup> Cabinet meeting noong Lunes, December 14. Napag-usapan, tulad nang inilabas kong statement kahapon, ang Philippine

Identification System or PhilSys. Inaprubahan po ni Presidente at ng kaniyang Gabinete ang 3.52 billion na karagdagang budget para sa susunod na taon na gagamitin para sa pagpaparehistro ng dalawampung milyong indibidwal on top of the 50 billion target para sa PhilSys bago matapos ang 2021.

So ang target po natin ay bago umalis po sa opisina ang Presidente, lahat po ng mga adults o may edad na or sapat na edad ay marirehistro sa PhilSys. Ang kabuuang PhilSys budget para sa 2021 ay nasa 8.1 billion. Ito ay para sa pagpaparehistro nang hindi bababa sa limampung milyong indibidwal sa susunod na taon. Ang target po ng Philippine Statistics Authority, ang ahensiya na may mandato na manguna sa PhilSys ay matapos ang pagrehistro ng entire adult population bago matapos ang administrasyon. Dahil dito, kinakailangan na iparehistro ang dagdag na dalawampung milyon sa 2021 para sa taong 2022 ay nasa dalawampu't dalawang milyon na lamang ang mga target registrants kasama na ang mga kababayan nating nasa ibang bansa. At ito ay kailangan ng karagdagang 3.52 billion pesos na budget sa susunod na taon with an estimated 176 pesos per person per cost of registration.

Ito naman po ang update na prinsinta at inaprubahan din sa Cabinet meeting sa Task Force Build Back Better. Inaprubahan po ng Pangulo at ng kaniyang Gabinete ang mga plano ng Task Force Build Back Better na pinangungunahan po ng ating DENR Secretary with the Secretary of Public Works and Highway as co-chair pagdating sa flood mitigation at management:

- Kabilang dito po ang pag-mobilize at sustain ng deployment ng government assets kasama po ang Hukbong Sandatahan at ang DPWH para sa widening ng Magapit Narrows at pagtanggal ng 19 sandbars sa Cagayan River – ito po ang dahilan kung bakit napakatindi po ng pagbaha doon sa Cagayan lalung-lalo na doon sa Alcala kung saan mayroon pa lang tatlong sandbars na kinakailangang tanggalin.
- Pagbalik sa Marikina River sa kaniyang original state sa pamamagitan ng pagtanggal sa mga iligal na istraktura. Lumalabas po kasi na nagkaroon pala ng reclamation diyan sa Marikina River na naging dahilan kung bakit nabago po iyong oriinal na flow ng River at dahilan kung bakit matindi po ang pagbabaha ngayon diyan sa Marikina.
- Pag-fast track ng panukalang DPWH Flood Mitigation Projects kasama ang upper Marikina Dam and the Parañaque Spillway.
- At panghuli, ang pag-rehabilitate ng existing floodgates at pumping station at construction ng pitong flood control project sa Bicol River.

Kasama po natin ngayon ang Chairperson ng Task Force na Secretary rin ng Department of Environment and Natural Resources, si Secretary Cimatu, para sa karagdagang mga detalye at para sagutin ang tanong ng ating mga kasama sa Malacañang Press Corps.

Inaprubahan din po ang mga sumusunod na may kinalaman sa forest protection and protected area management:

- Una, ang pagpapatupad ng whole of society approach sa kampanya sa anti-illegal logging sa Sierra Madre, Cordillera, Caraballo Mountains at Marikina River Basin na may aktibong partisipasyon ng mga LGUs.
- Pangalawa, ang pag-intensify ng management ng protected areas sa Sierra Madre, Marikina at Bicol River Basin.
- Pangatlo, ang request ni Presidente na i-certify as urgent ang House Bill #6973 at Senate Bill 1878, an Act Creating the Environmental Protection and Enforcement Bureau sa ilalim ng DENR.

Punta naman tayo sa ating COVID-19 update. Ito po ang global update ayon sa Johns Hopkins. Higit 74 million na po or 74,115,894 ang tinamaan ng COVID-19 sa buong mundo. Nasa 1,646,942 na po ang mga binawian ng buhay dahil sa coronavirus. Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos, mayroon po silang mahigit 16 million na mga kaso at 307,000 deaths. Pangalawa ang India; Pangatlo po ang Brazil; Russia; and France.

Dito po sa atin, mayroon na po tayong 24,873 na mga aktibong kaso ayon sa December 16 datos ng Department of Health. 22,803 or 91.7% ay asymptomatic, mild or moderate, samantalang 2,070 o 8.3% ay severe or critical. Nasa 419,282 po ang mga gumagaling or 92.56% recovery rate. Samantala, nasa 1.95% ang case fatality rate or 8,833 ang binawian ng mga buhay dahil sa coronavirus. Nakikiramay po kami.

Now, makikita po natin ngayon sa sumusunod na infographics ang kumpirmadong kaso ng COVID-19 by adjusted onset of illness date as of December 16, 2020. Naku! Mga kaibigan at kababayan, makikita ninyo po rito iyong nagpla-plateau po siya, ano. Ito po iyong mga dates na iyong linggo ng November 12 hanggang November 19 at saka hanggang November 26, nag-plateau po or bumabagal na po ang pagbaba ng decreasing trend.

Kaya nga po sinasabi ng DOH, baka ito na iyong simula ng pagtataas muli ng mga numero dahil nga po mukhang nagiging pabaya ang ating ilang mga kababayan dahil nga po sa Kapaskuhan. So, ito naman po ay nagsisimula pa lamang, pupuwede pa po natin itong mai-reverse. Ang panawagan po ng Presidente, sana po abutan tayo lahat ng bakuna: Mask, Hugas, Iwas.

Patuloy din po ang pagbaba ng daily attack rate sa buong bansa na mula 1.41 noong November 15-28 ay naging 1.35 noong November 29 to December 12. Pero dito po sa Metro Manila, ano, samantalang sa Metro Manila ay wala pong ipinagbago – nananatiling 2.71 noong November 15-28 hanggang November 29 to December 2. Pero ang malungkot na balita po sa NCR, mayroon na pong siyam na mga siyudad na unti-unti na pong tumataas iyong daily attack rate at iyong two-week growth rate by region.

So, ito po ay ebidensiya na mukhang sumisipa muli po ang mga numero ng COVID-19. Ang gusto po natin ay magkaroon ng Merry Christmas at Happy New Year. Huwag po nating i-celebrate ang Pasko sa ospital na baka naka-ventilator pa. Alam naman po natin kung anong gagawin natin para pangalagaan, ingatan ang ating mga buhay para tayo ay makapaghanapbuhay.

Mask, Hugas, at Iwas.

Pagdating naman po sa Healthcare Utilization Rate—well, pumunta muna tayo sa Health System Capacity Indicators. Makikita ninyo po na dito po sa graph na ito na hindi pa umaabot sa moderate. Iyong yellow po ang moderate, red ang critical, pero nakikita ninyo may mga ilang lugar na palapit na nang palapit doon sa moderate kagaya ng Region XI, ng Region IV-A, ng Region II, at ang CAR. Ang yellow naman po ay moderate risk pero malapit na rin po iyan sa dangerous level na 70%.

Now, papaalalahanan ko lang po kayo, kapag umabot po tayo ng critical, iyan po ay isang dahilan para magkaroon na naman tayo ng mas istriktong quarantine. Iyan po ay isang indicator para bumalik sa mas istriktong quarantine classification. Pero huwag po kayong mag-alala bagama't napakadami pong fake news na sa Disyembre raw ay mababago ang quarantine classification, hindi naman po totoo iyan dahil monthly na po ang ating quarantine classifications. Kaya nga lang kung tayo ay magpapabaya baka pagdating ng Enero eh mas istriktu naman ang ating quarantine lalung-lalo na dito sa Metro Manila. So, paulit-ulit po tayong nagsasabi, pag-ingatan ang ating mga buhay para sa ating mga hanapbhay.

Ito naman po ang estado ng ating Temporary Training and Monitoring Facilities as of December 15. Well, kagaya po ng ating, iyong sa ating mga ospital, malayo naman po tayo sa critical. Sa katunayan, nagbabawas na po tayo ng TTMF sa mga lugar na kagaya ng Cebu kasi nga po kumaunti na ang mga kasu. Kaya makikita ninyo sa susunod na slide ng TTMF talagang nagbabawas po tayo ng mga numero. On a national basis, nagbabawas po tayo ng 5,530 beds sa mga TTMFs natin. Mayroon po tayong 164,659 at makikita ninyo po na sa NCR nagbabawas din po tayo ng kaunting TTMF bed capacity.

On other matters naman po, bumaba nang halos kalahati ang mga Filipinong nagugutom. Ito po ay sang-ayon sa huling survey na isinagawa ng Social Weather Station. Iyong November 2020 data po 16% ang hunger rate. Malungkot pa rin po iyon dahil alam natin napakadami ng nagugutom pa pero ito nga po ay kalahati noong hunger rate na narehistro ng September 2020. Itong 16% naman po ay doble ng hunger rate bago po magkaroon ng pandemya. Iyong pagbabawas po ng kalahati sa hunger rate, ito po ay resulta ng paunti-unti nating pagbubukas ng ating ekonomiya pero may banta nga po na itong unti-unting pagbubukas eh baka maantala kung dadami po ang kasu ng COVID. So, the best way to celebrate Christmas po if you really love your family, iwasang magkasakit po. So, mask, iwas, at hugas.

Dito po tayo nagtatapos ng ating presentasyon pero kasama po natin ngayon ang Task Force Build Back Better, DENR Secretary Cimatu. Sir, good afternoon, Secretary Cimatu. Nabasa ko na po kanina kung ano iyong mga naaprubahan noon ating huling Cabinet meeting pero siguro po puwede nating dagdagan ng kaunting detalye at kung ano pang bagong updates natin sa inyong task force.

The floor is yours, Secretary Cimatu.

**SEC. CIMATU:** Good afternoon, Secretary Roque. Good afternoon, members of media! I will add further some details about our approved recommendations during the Cabinet meeting. And before I ask for approval, I presented to the Cabinet and the President the data that we were able to gather as a basis for our recommendations.

I told the President that I went personally to the river – the 500-kilometer river coming from the sources of the river – there are two sources of the Cagayan River na nag-join including other tributaries na mag-empty dito sa dagat sa Aparri.

In the figure – I hope you can see it, Secretary – I started from the source from Quirino and Santa Fe by helicopter nakita namin doon and if you look at the chart, I'm showing this to show the elevation of the river from the source down to the mouth of the river. Starting from Quirino, ang elevation doon of the river – not the mountains but the river itself – ipinapakita ko ito iyong elevation almost 700 meters ang taas ng river na iyan at saka sa Santa Fe, 600 meters naman. Mag-join together ito to be the Cagayan River.

Now, from Santa Fe, this part of Nueva Vizcaya, bababa ito to Bayombong, Nueva Vizcaya, pagdating sa Bayombong, 288 meters na lang ang taas ng river. I observed that Bayombong, nadaanan ko iyon tabi mismo iyong river iyong Bayombong, walang flooding doon. Pagbaba naman somewhere after several kilometers bumaba sa Ilagan, doon na nag-umpisa iyong flooding. Ang elevation po ng river doon is 47 na lang coming from 700 or 650, 47 na lang ang elevation ng river.

Pagbaba some more, going down further to Tuguegarao, 20 meters na lang iyong river. Pagdaan mo sa Alcala, eight meters na lang hanggang sa Magapit Narrow na ito iyong center ng aming project, eventually. Then pagdating sa Aparri mag zero, above sea level na lang iyan. So, if you look at from Ilagan, from the mouth of the river, very gentle ang slope, pagbaba ng river. Kaya dito ang... ipapakita ko sa inyo ngayon iyong extent of the river from Ilagan, Tuguegarao at saka Alcala at saka Magapit.

Please show the—ito iyong flooded area mula dito sa baba ito ay Tuguegarao, then go to Amulong then it goes to Alcala, iyon pababa doon sa Magapit, down to Aparri. Iyan po iyong river. Tingnan ninyo sa tabi ng river ay baha. Dito lalo na sa Amulong, baba diyan is Tuguegarao na. So, ito ngayon iyong pinakita ko sa inyo, kasi almost the same elevation na iyong river dito. Ngayon magtatanong kayo, bakit walang flood dito, walang flood diyan sa banda diyan ay because iyong bank of the river, mataas parang bundok-bundukin iyan sa baba, dito sa may... between Alcala at saka dito sa Magapit River. Ito ngayon doon, hanggang doon sa may dulo ay baha po ito. Dahil sa mga walang baha iyan sinabi ko kanina ay mataas ang bundok sa tabi ng river iyan. So hindi talagang mag-overflow.

Iyon ang nakita ko, so ipapakita ko ngayon itong Magapit Narrow. Ito kasi iyong sentro ng ating intervention and ito iyong approval ni Presidente, the approval of the President dito sa presentation ko saka recommendation ko ay ito na ngayon iyong mobilize and sustained deployment of government assets from the Armed Forces of the Philippines or the Corp of

Engineers at saka DPWH for the widening of that Magapit Narrows and removal of 19 sandbars. Mamaya ipapakita ko rito ang 19 sandbars, pero unahin ko muna itong intervention na gagawin mismo ng ating mga government agencies.

Ang ating DPWH at saka iyong ating Corp of Engineers ng Armed Forces will be pooling their resources, engineering equipment na mag-undertake mismo dito sa project na ito. This will be addressed by our government agencies.

In the chart ay dalawa, iyong kulay pula ay these were the original plan of JICA to come up with a channel na idadaan iyong hindi nadadaan sa Magapit ano iyan... iyong iikot pa kasi diyan, doon magsisikip, gusto nilang ideretso na sana channel. Pero medyo mataas-taas ang elevation niyan, so ano iyan, hanggang plano lang muna several years back iyan by the JICA.

So, what we are recommending, that it can be already doable at saka magawa na nating kaagad, meaning kaagad, ito iyong dotted line napakasikip kasi niyan. Ang original width of the river po ay iyong mga 700 meters ang Cagayan River, pagdating dito, bumababa na, parang 300 meters hanggang pinakamasikip is 150 meters na lang, diyan sa may Magapit, diyan sa bridge na iyan, iyang may kaunting ano, that's the Rio Bridge. That is only 150 meters. So, pagsikip na iyan, dahil naman sa level ng river ay hindi naman masyadong mabilis iyang takbo ng tubig, kasi ang elevation ng river almost the same na iyong mga ano diyan eh. So mabagal na iyong takbo ng tubig diyan. Kapag dumating dito sa masikip na ito, ay ano na, magbarado na diyan. So tataas na iyong tubig hanggang doon sa upstream, sa pinanggalingan ng ano dito... sa Tuguegarao side, na-flood na lahat ang mga upstream diyan. So iyan ang pinakita ko kanina na this is the reason why we have to widen itong Magapit Narrows na ito.

Iyong dotted line na iyan, iyan ang plano natin na bawasan iyan, tabtaban natin ito, so that alisan natin itong bank of the rivers na iyan. As in the dotted line on both sides, will lead and this has been computed na if we do this iyong flooded areas noon ay mabawasan ng several meters.

So ito iyong ating doable immediate na gagawin natin at kausap ko kanina—by the way, Secretary Roque, before this meeting, we had meeting also and finding out the progress and update the respective agencies. Kausap ko iyong DPWH kanina, they are already preparing for the deployment of their assets and nabanggit ho nila and sabi nila they—in fact, sinabi ko na sana as soon as possible, pero they requested for next month na lang, January.

The idea is to pool the resources of the DPWH, iyong mga gagamitin na pang-alis ng lupa na iyan diyan at saka iyong Corp of Engineers. They are mobilizing their equipment and assets so that ma-deploy na nila ito to undertake these project. So ito ngayon ang ginagawa natin, then this is for the Magapit Narrows. Ito iyong matabtan iyan, that's very ano kasi eh, 150 meters na lang kasi iyan.

Ang kanila pang explanations sa atin, because of the slope, gentle slope ng river ay mabagal ito. Sinasabi nila para iyong sa traffic rin ito, kung nasa four lane ka, tapos biglang mag-two

Ilanes iyong kalsada ay talagang magbabara na talaga upstream. So ganito ang nangyari talaga doon.

And now also kindly show the—these are the dredging or the 19 prioritize sites, 19 po lahat ang ano ito and if you look at the map, makikita iyong mga bilog na bilog-bilogan iyan 19 iyan, iyan ang isang project rin natin na babawasan o alisan iyan sa mga... alisin iyong mga sandbars iyan na nakadagdag ito sa problema ng flooding diyan.

So ito po iyong ating plano and also iyong second one na medyo kailangan talaga is in the Marikina River. Now, we will show you the Marikina River, nagbawas ito. At the left side, in the 1982, if you look closely, the bank of the river in 1982 iyong naka-kulay blue - that is portion of the Marikina River. If you compare that in 2019, nabawasan na iyong bank of the river. And pagbawas iyan from 90 meters yata iyong width of the river, naging 60 meters na lang diyan sa banda diyan. Dito sa right side of the map, ito, ito, iyan. Iyan ang may naalis iyan sa river. Naalis iyan, natabunan. Pinapa-check ko kung natabunan ba by natural causes or ni-reclaim. So, pina-survey ko iyan and the nakita natin talaga na dinagdagan. Ito sa taas iyan, if you look at it diyan sa ano iyan is the Provident Village. That's the Provident Village. I think diyan sa other side diyan, the bank of the Provident Village ay iyan ang nangyari ngayon itong kulay yellow na iyan. So nabawasan iyong river ng ganyang karami.

And alam namin kung ano iyong mga lot numbers 'yan, iyon lang naman kasi iyong nangyari niyan. So these are the things na gagawin natin, the Cagayan River and the Marikina River. So iyan naman ang ating maano naman, except that mayroon din tayong isang in-approve nila, iyong fast tracking of the flood mitigation projects ng Marikina Dam and Parañaque Spillway. So this will be also fast tracked in the form of planning at saka execution later on by the DPWH, this is considered a long term plan for the Marikina River.

So, also in the rehabilitation of some floodgates and pumping stations and 7 flood controls in the Bicol River na in-approve rin ni President ito. Then likewise, on the forest protection or protected area management, I would like to aggressively implement the [anti] illegal logging in these areas in cooperation with the LGUs and also the protected areas in these areas. I also requested for the President to certify as urgent our request for a legislated law and the establishment of the enforcement power of the DENR. So that's my short briefing, Mr. Secretary. Maraming salamat po.

**SEC. ROQUE:** Okay. Maraming salamat, Secretary Cimatu. Pumunta na po tayo sa ating open forum. Simulan po natin with Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Yes. Good afternoon, Secretary Roque and Secretary Cimatu. Question from Leila Salaverria of Inquirer: What is Malacañang going to do about Senator Lacson's statement that it was Department of Health Secretary Duque who dropped the ball on the deal with Pfizer for 10 million doses of its vaccine? Lacson said the deal fell through because the Secretary failed to submit a confidentiality agreement. How does the Palace plan to remedy the situation?

**SEC. ROQUE:** Well, unang-una po, tuloy po ang ating negosasyon sa Pfizer at inaasahan po natin na darating ang Pfizer sa second to third quarter ng taong ito. Ang problema po as of January of this year, halos lahat po ng production ng Pfizer ay nabilin na po ng iilang mga mayayamang bansa kasama na po ang Estados Unidos, ang Inglaterra, ang Singapore at ang Australia.

Pero pagdating naman po doon sa mga paratang na nag-drop daw ng ball si Secretary Duque, kagabi po sinabihan po ni Presidente si Secretary Duque to answer the allegations by Secretary Locsin.

**USEC. IGNACIO:** Question for Secretary Cimatu from Leila Salaverria. Secretary Cimatu, ang question po ni Leila: Will private firms be involved in the Cagayan River Project? How does the DENR address concerns about foreign contractors that offer to conduct dredging for free because they can amass river materials that they can export or sell for a profit to be used in other projects such as land reclamation activities?

**DENR SEC. CIMATU:** We have a ruling that walang foreign contractors po rito, all Filipinos po ito na may construction company and this is really a part of our river restoration projects all over the country. Hindi lang naman ito sa Cagayan River, all rivers na kailangan i-restore ay we are allowing contractors to dredge the ano for free but they can get their ano—itong makuha nila na mga stunts doon and for whatever they ano... para naman ma-recover iyong kanilang cost of dredging. So we will not allow contractor na foreigner dito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Question pa rin po ni Leila for Secretary Cimatu: Lawyer Joel Butuyan who is from Cagayan said, “*Arrangements like these could also mean that the dredging might not be done properly as the contractors could stop their activities once they get the materials they need.*”

**DENR SEC. CIMATU:** Mayroon pong memorandum of agreement iyon, dalawang taon, two years and tinanong ko sa kanila kung how many contractors ang kailangan dito kasi mahaba-habang river na ito eh, mahaba. So we—the bottom line of this is to help in the mitigation of the flooding, talagang silted na and in fact the mouth of the river po sa Aparri ngayon, dati malalim iyan, makakapasok ng barko noon iyan pero ngayon one meter na lang. So we have to dredge talaga ito and this is really very necessary kasi kung habang mataas iyan, talagang mabagal talaga iyong takbo ng river. So the government is very ano naman, very thankful of this so that [unclear] to flooding eventually naman.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Thank you, Secretary Cimatu.

**SEC. ROQUE:** Thank you, Secretary. Thank you, USec. Punta tayo kay Melo Acuña, please.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Good afternoon Secretary and Merry Christmas.

**SEC. ROQUE:** Merry Christmas.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Mayroon po kayang statement ang Malacañang sa pagkakapatay kay Dr. Mary Rose Sancelan at sa kaniyang mister na si Edwin sa Guihulngan. Siya po ang City Health Officer ng Guihulngan sa Negros Oriental.

**SEC. ROQUE:** Iyan po ay iniimbestigahan ng ating PNP at inaasahan po natin na magiging mabilis ang imbestigasyon nang mahuli na po, malitis at maparusahan ang pumatay kay Doktora.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Opo. Pangalawa kong tanong. Sa libu-libo pong nakuhang contact tracers ng DILG, mayroon na po kayang pag-uulat kung ano naging performance nila sa kanilang contact tracing? May leksyon na po ba tayong natutuhan sa kanilang nakuhang datos?

**SEC. ROQUE:** Iyan naman po'y ongoing 'no at ang ating ina-attempt po ngayon ay sundin iyong formula ni Mayor Magalang 'no na we will go beyond what we normally do 'no. Ang gusto ni Mayor Magalang if I'm not mistaken is, one, is to—ewan ko ba ho, nakalimutan ko na pero we're aiming na at least one is to 13 to 15 ang ating mga contact tracers 'no. But I will give you an update kung nasaan na tayo pagdating diyan.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Opo, thank you. Para kay Secretary Cimatu. Magandang hapon po, Secretary Roy Cimatu.

**DENR SEC. CIMATU:** Good afternoon po.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Opo. Ano na pong nangyari doon sa pagsisiyasat ninyo sa quarry sa Albay? May nademand na po bang mga lumalabag sa batas sapagkat ayon sa report labinlima raw po iyong nagku-quarry doon at ang impormasyon sa akin kani-kanina eh tuloy pa rin iyong nagku-quarry. Ano po kaya ang puwede nating i-update?

**DENR SEC. CIMATU:** Yes, good afternoon. Nung malaman ko na nagkaroon ng problema doon, pina-suspend ko lahat ang all-around—around the volcano. Ang deadline lahat yata po iyon eh tapos especially iyong 12 na sinususpetya na kinumplain (complaint) ng mga tao doon na instrumental sa pagbaha doon, dito sa may—ng pagkamatay nga ng—apat yata namatay doon eh, natabunan. So pinaano ko lang dito, pina-suspend ko lahat then sabi ko iyong all around the volcano ay tingnan ninyo iyong compliance nila kung okay naman. So after one-two weeks yata, three weeks ay nagbigay naman sila ng report kaagad. After that one, nabanggit nila that they are recommending for the resumption of the 100—or 99 lahat except for 9 na nakita namin na non-compliant.

So iyong mga naano po, na compliant po naman so they allowed it doon 'no kasi nagrireklamo naman iyong governor doon na nawalan na sila ng mga aggregates because of this

suspension. So siyam po ay suspended po ngayon, hindi sila ano except for the around the Mayon Volcano po.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Opo. Hindi po ninyo kakasuhan iyong hanggang ngayon ay hindi sumusunod sa regulasyon?

**DENR SEC. CIMATU:** Actually may ano po iyong mga—we did not allow muna but if let's say eventually kailangan talaga makipag-ano sila because they will be given penalties po ito. If they are not compliant, they will be given penalties bago payagan na mag-operate uli. Hangga't hindi pa sila naka-comply sa nalaman namin na pagkakamali nila ay hindi namin sila papayagan and charges will be given to them especially iyong mga may namatayan doon sa lugar na iyon po.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Opo. Salamat po, Secretary Roy Cimatu. Thank you.

**SEC. ROQUE:** Oo. Bago tayo magpatuloy 'no, iyong Magalang formula on tracing po is 1 is to 37. Now naalala ko po na dati sinabi sa Metro Manila masyado daw marami iyon 'no pero nag-insist po si Mayor Magalang na to be effective kinakailangan talaga 1 is to 37. So ang aking ipa-follow up po ngayon eh kung nasaan na iyong ating mga contact tracers, kung sila ba ho ay at least hitting 1 is to 15 o 1 is to 20 but the goal remains 1 is to 37.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Thank you.

**SEC. ROQUE:** USec. Rocky...

**USEC. IGNACIO:** Yes. Question for Secretary Cimatu, tanong po mula kay MJ Blancaflor of Daily Tribune: Secretary Cimatu, ano po ang specific plans on flood mitigation approved by the President for Cagayan Province and Marikina City?

**DENR SEC. CIMATU:** Katulad iyong sinabi ko kanina po ano, iyong—aside from the engineering intervention na nabanggit ko iyong dalawa is very aggressive—itong ano illegal logging kasi contributory naman talaga iyong mga nakalbo nandian sa taas ng Sierra Madre saka Cordillera saka Caraballo Mountain. Ito po iyong mga nagku-concentrate namin ngayon dito sa mga forest at saka the National Greening Program po namin. And then some for information also ay we will ano, restore the twenty meter easement sa Cagayan River. Meaning at the bank of the river, 20 meters both side and talagang walang structures po iyan. At saka in fact katunayan po, 'pag magtatanim po kami ng kahoy diyan sa tabi ng river, ang una namin naisip na itatanim ay bamboo. So for the rest of the river talaga eh we will be planting around the bank of the river, 20 meters po wide from the bank of the river. So ito po iyong mga interventions natin at saka iyong major na gagawin namin is Magapit Narrow babawasan namin iyong [unclear] ano doon para mas maluwag iyong pagdaloy ng tubig. At saka iyong 19 na nag-pon ng lupa, nasa gitna ng river ay alisin iyon para mapabilis naman iyong pag-agos ng river.

**USEC. IGNACIO:** Iyong second question po ni MJ Blancaflor for Secretary Cimatu. Kailan po ang target matapos ang flood mitigation projects na ito at magkano ang kakailanganin for these initiatives? Saan daw po kukunin ang pondo?

**SEC. CIMATU:** Tatlong major kasi ang gagawin namin diyan. Iyong aming paggamit ng assets natin dito ngayon and we will be making some computations in the additional na magagastos ng ating mga assets. Tulad ng gasolina, kung ilan ang aabutin nito, kung abutin tayo ng isang taon doon ay iko-compute pa po natin iyong mga magastos ng DPWH at saka iyong ating army engineers. Nag-usap-usap sila, sinabi ko, you just give me your computations by the next meeting, sinabi ko sa kanila. We will be having a next meeting next week. Pagkatapos po iyong dredging naman, ang dredging naman nito ay dati malaking gastos ng gobyerno dito sa dredging noon, noong panahon pa noon, this was undertaken by the DPWH. But we were looking for a ano, na we will let the contractor, i-dredge nya for the government at saka kunin nila iyong sub [contractor] na makuha nya, but they need to pay 4% excise tax to the BIR. Lahat naman ng makuha nila na mga sands, they have to pay 4% to the BIR. Ito po iyong agreement with the contractor, pumayag din naman sila.

**USEC. IGNACIO:** For Secretary Roque, question po mula kay Aileen Taliping of Abante Tonite. Noong Lunes daw po inanunsyo ninyo ang mandatory use of face shield. Pero pagpasok po sa mall ang face shield nakataas, ginawang headband ng mga tao. Kahit sa mga nagsisimba sa harap ng Quiapo Church ang mga tao nakataas ang face shield. Hindi ba magtatakda ang IATF ng multa para maging maayos ang paggamit ng face shield at para makasigurong hindi makahawa ang mga ito ng virus?

